Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-71 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-04 NG DISYEMBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 379-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAWALANG-SAYSAY SA REKLAMO NINA LOURDES CERBAS AT ROGELITO GRIÑO, NG BARANGAY SUMAPANG MATANDA, LUNGSOD NG MALOLOS, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO BLG. 01-2023.**

**AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**SAPAGKAT,** noong ika-29 ng Marso 2023, nagsumite sina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño ng sinumpaang reklamo para sa *Oppression, Misconduct in Office, Gross Negligence, or Dereliction of Duty* laban kina Punong Barangay Fortunato Ramos, Kagawad Carlito Calilap, Kagawad Zenaida Dungo, SK Chairman Karl Aldrin Enriquez, Barangay *Treasurer* Edwin Evangelista, at Barangay *Secretary* Amor Lopez, at ito ay naitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala;

**SAPAGKAT,** ayon sa reklamong inihain nina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño, noong taong 2018, simula nang maupo bilang mga opisyal sina Punong Barangay Fortunato Ramos, Kagawad Carlito Calilap, Kagawad Zenaida Dungo, SK Chairman Karl Aldrin Enriquez, Barangay Treasurer Edwin Evangelista, at Barangay Secretary Amor Lopez ay hindi naibigay ang kanilang 13$^{th}$ month pay at leave benefits para sa kalhating taon ng 2018;

**SAPAGKAT,** ang mga sumusunod ay ang mga ebidensiyang kanilang inalakip sa sinumpaang reklamo:

(a) Sagot ni Punong Barangay Fortunato Ramos na isinumite sa Department of Interior Local Government (DILG) - City of Malolos kung saan nahahayag ang mga sumusunod:

"(1) 14$^{th}$ month pay - Ang amin pong tugon ay natanggap nila noong Mayo 18, 2018 noong panahon pa siya ang nakaupong Punong Barangay ng Sumpang Matanda na ang nakalagay po sa Payroll ay MID YEAR BONUS FOR THE YEAR 2018. Kaya po ano pa ang dapat niyang makuha.
(2) 13$^{th}$ month pay - Ang amin pong tugon ay hindi na po naming sila mabibigyan dahil ang nakapondong 13$^{th}$ month pay ay inilabas na nila para ipambayad sa kanilang 14$^{th}$ pay para sa taong 2018 na kanilang binudget sa nasabing taon.
(3) Leave benefits - Ukol sa sinasabi niya patungkol sa naka-pondong leave benefits para sa taong 2018 ito po ay kanila ng nakuha noong Marso 26, 2018 na si Lourdes Cerbas pa rin po ang kasalukuyang Punong Barangay ng mga panahong iyon. Paano po niya nasabi na hindi pa nakukuha?

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ, KASANGGUNI | KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI | KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI | KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI | KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI | KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI | KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

(4) Ukol sa BHW - May mga bago pong talagang BHW ang aming tanggapan kaya bilang pakunswelo sa mga dati niyang BHW … ay binigyan pa rin po naming sila ng halagang P600.00 na may kasamang grocery items…. xxx"

(b) *Liquidation Report ng Barangay Sumapang Matanda dated on May 18, 2018 for the cash advance of midyear bonus of Sanggunian for the year of 2018 in the amount of P153,200.*

(c) *Payroll for midyear bonus for the year 2018, wherein Dra. Lourdes Cerbas and Rogelito Griño received the amount of P18,200 and P15,000, respectively.*

(d) *Disbursement Voucher for cash advance of midyear bonus of Sangguniang Barangay for the year 2018 in the amount of P153,000.*

(e) Kapasyahang Pambarangay Bilang 04-2018, "xxx DAHIL DITO IPINASYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ang munkahing paglabas ng halagang Isang Daan Limanpu't Tatlong Libo Dawalang Daang Piso (P153,300) buhat sa pondo ng barangay upang ipagkakaloob bilang mid-year bonus para sa lahat ng kasapi ng sangguniang barangay, ay pinagtibay."

(f) *Resolution issued by the Office of the City Prosecutor - Malolos, Bulacan dismissing without prejudice the complaints for THEFT, FALSIFICATION, GRAFT AND CORRUPTION, MALVERSATION OF PUBLIC FUNDS, GRAVE MISCONDUCT (5 Counts) filed against Lourdes Cerbas and Rogelito Griño.*

**SAPAGKAT,** noong ika-11 ng Abril 2023, nag-isyu ng patawag ang Sangguniang Panlungsod na may tagubilin na sina Punong Barangay Fortunato Ramos, Kagawad Carlito Calilap, Kagawad Zenaida Dungo, SK Chairman Karl Aldrin Enriquez, Barangay Treasurer Edwin Evangelista, at Barangay Secretary Amor Lopez ay magsumite ng sinumpaang kasagutan patungkol sa kasong isinampa laban sa kanila;

**SAPAGKAT,** noong ika-25 ng Abril 2023, nagsumite ng sinumpaang kasagutan sina Punong Barangay Fortunato Ramos, Kagawad Carlito Calilap, Kagawad Zenaida Dungo, SK Chairman Karl Aldrin Enriquez, Barangay Treasurer Edwin Evangelista, at Barangay Secretary Amor Lopez, at kanilang pinabulaanan ang paratang laban sa kanila. Gayundin, kanilang isinalaysay na ang Sangguniang Barangay ng Sumapang Matanda ay nagpadala ng liham na may petsang Hunyo 01, 2019 kina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño upang ibalik ang nawawalang pera ng Barangay na nagkakahalaga ng P40,500. Kasunod ay lumiham sina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño noong Mayo 20, 2019 kay Punong Barangay Fortunato Ramos upang makiusap na bawasan ang halagang ipinababalik sa kanila. Dahil dito, napagkasunduan ng Sangguniang Barangay na huwag muna ibigay ang mga benepisyo nina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño hangga't hindi pa nila naibabalik ang halagang P40,500. Gayundin, nagsampa ng kaso ang Sangguniang Barangay laban kina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño sa *Office of the Ombudsman* para sa kasong *Theft, Falsification, Graft and Corruption, Malversation of Public Funds,* at *Grave Misconduct.*

**SAPAGKAT,** ang mga sumusunod ay ang mga ebidensiyang kanilang inalakip sa sinumpaang kasagutan:

(a) "ANNEX "1" - Liquidation Report ng Brgy. Sumapang Matanda, No. DV-076-18A na may petsang 5/18/2018 na nagkakahalaga ng Php153,200.

(b) ANNEX "1-A" - Payroll Mid-Year Bonus for the Year 2018 ng Barangay Sumapang Matanda, Payroll No. 004-2018 na pirmado ng mga nagrereklamo kung saan sila ay nakatanggap ng halagang Php18,200 para kay dating Punong Barangay CERBAS at Php15,000 para sa dating Ingat-Yaman GRIÑO.

(c) ANNEX "1-B" - Disbursement Voucher DV-076-18 ng Barangay Sumapang Matanda na may petsang MAYO 18, 2018 para sa:
'Particulars: To CASH ADVANCE MIDYEAR BONUS OF SANGGUNIANG BARANGAY FOR THE YEAR 2018, per attached supporting papers in the amount of P153,200.00.'

(d) ANNEX "2" - Liham ng Tanggapan ng Sangguniang Barangay kay dating Punong Barangay LOURDES B. CERBAS na may petsang MAYO 15, 2019 at nilagdaan ng lahat ng miyembro ng SANGGUNIANG BARANGAY NG SUMAPANG MATANDA.

(e) ANNEX "3" - Sulat nina CERBAS at GRIÑO na may petsang MAYO 20, 2019.

(f) ANNEX "4" - Tanungan at pag-amin sa usaping nawawalang pananalapi ng Barangay na may petsang OKTUBRE 15, 2018 at naganap sa Bulwagang Pulungan ng Sumapang Matanda.

(g) ANNEX "5" - Minutes of Sanggunian ng Ex-Kapitana Lourdes B. Cerbas sa Tanggapan ng Sangguniang Barangay ng Sumapang Matanda na may petsang Oktubre 10, 2018 kung saan ay hindi nakadalo ang dating Ingat-Yaman na si Rogelito Griño.

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. [illegible] SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

(h) ANNEX "6" at "7" - Senior Citizen ID ni Melicia C. Calilap at batayan ng kaniyang tunay na lagda.
(i) ANNEX "8" - Pekeng pirma ni Gng. MELICIA CALILAP sa Payroll ng Barangay ay makikita at inilalakip dito
(j) ANNEX "9" - Sulat ni G. ROLANDO MURAYAG na kaniyang pinanumpaan noong July 11, 2019.
(k) ANNEX "10", "10-A" at "10-B" - Pangalan ng mga inirereklamong BHW ng Barangay Sumapang Matanda sa aming sulat kay Atty. NICANOR GUINTO noong ika-20 ng MAYO 2018.
(l) ANNEX "11" - Listahan at sulat ng SANGGUNIANG BARANGAY kay CERBAS at GRIÑO tungkol sa kanilang babayaran.
(m) ANNEX "12" - Ang katitikan ng pagpupulong ng SANGGUNIANG BARANGAY ng SUMAPANG MATANDA na ginanap noong ika-23 ng MAYO 2019.
(n) ANNEX "13" Ang sulat pagpapabatid naming kila CERBAS at GRIÑO ng desisyon ng SANGGUNIANG BARANGAY na may petsang HUNYO 01, 2019.
(o) ANNEX "14" - MAGKAKASANIB NA SUMBONG SALAYSAY ng buong SANGGUNIANG BARANGAY ng SUMAPANG MATANDA na pinanunumpaan noong Hulyo 15, 2019 sa Office of the Ombudsman, kasama ang mga sipi nito.

**SAPAGKAT**, noong ika-10 ng Hulyo 2023, nagsagawa ng paunang pagdinig (Public Hearing) ang Lupon at nahayag ang mga sumusunod:

(a) Ipinaliwanag ni Kgg. Miguel Alberto T. Bautista, Tagapangulo ng Lupon, na ang kapangyarihan ng Sangguniang Panlungsod ay duminig sa mga inihahaing reklamong administratibo laban sa mga halal na opisyal ng barangay.
(b) Ayon sa itinatadhana ng Section 61 ng Local Government Code:
"SEC. 61. Form and Filing of Administrative Complaints. - A verified complaint against any erring local elective official shall be prepared as follows:
x x x
(c) A complaint against any elective barangay official shall be filed before the sangguniang panlungsod or sangguniang bayan concerned whose decision shall be final and executory."
(c) Batay sa nabanggit, napagkasunduan ng mga bumubuo ng Lupon na ipawalang-saysay ang kaso laban kina Barangay Treasurer Edwin Evanglista at Barangay Secretary Amor Lopez dahil sila ay hindi mga halal na opisyal ng Barangay Sumapang Matanda.
(d) Kasunod ay nagbigay ng testimonya si Lourdes Cerbas. Ayon sa kaniya, ang kanilang hinihiling ni Rogelito Griño ay ang kanilang 13$^{th}$ month pay at leave benefits para sa taong 2018 na hindi pa naibibigay simula nang maupo bilang bagong Punong Barangay si Fortunato Ramos noong Hunyo 2018.
(e) Ayon naman kay Punong Barangay Fortunato Ramos, ang Sangguniang Barangay ng Sumapang Matanda ay nagpadala ng liham na may petsang Hunyo 01, 2019 kina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño upang ibalik ang nawawalang pera ng Barangay na nagkakahalaga ng P40,500. Dahil dito, lumiham sina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño noong Mayo 20, 2019 kay Punong Barangay Fortunato Ramos na "… willing kaming ayusin ang naging problema sa barangay para sa diwa ng pagkakaunawaan at pagkakasundo-sundo. Subalit lubhang napakalaki po ng halagang inyong pinababalik sa amin, batay sa inyong liham na aming natanggap ay umabot sa halagang Forty Thousand Five Hundred (40,500) na nagastos naman ito sa mga kaakibat na proyekto ng Brgy. Sumapang Matanda. Kaya't kami po ay nakikiusap kung maaari ay mabawasan ang halagang inyong pinababalik." Kung kaya't, napagkasunduan ng Sangguniang Barangay na huwag ibigay ang kanilang leave benefits hanggat hindi nila naibabalik ang halagang P40,500.
(f) Gayundin, nagsampa ng kaso ang Sangguniang Barangay ng Sumapang Matanda laban kina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño sa Office of the Ombudsman.
(g) Ngunit, makikita sa mga isinumiteng ebidensiya nina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño na ang nasabing kaso sa Office of the Ombudsman ay ipinawalang-saysay ng Office of the City Prosecutor sa kawalan ng *probable cause*.
(h) Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Punong Barangay Fortunato Ramos na ang halaga para sa 13$^{th}$ month pay at leave benefits nina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño ay hindi nila hinawakan bagkus ito ay nakatabi lamang sa pangangalaga ng Landbank.

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. RYAN JACLYN L. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI — KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, noong ika-25 ng Hulyo 2023, nagsagawa ng pagpupulong (Committee Meeting) ang Lupon at nahayag ang mga sumusunod:

(a) Para sa alegasyong oppression at grave abuse of authority, ayon sa Korte Suprema sa kasong Office of the Ombudsman vs. Cynthia Caberoy, G.R. No. 188066, October 22, 2014:
"Oppression is also known as grave abuse of authority, which is a misdemeanor committed by a public officer, who under color of his office, wrongfully inflict upon any person any bodily harm, imprisonment or other injury. It is an act of cruelty, severity, or excessive use of authority. To be held administratively liable for Oppression or Grave Abuse of Authority, there must be substantial evidence presented proving the complainant's allegations. Substantial evidence is that amount of relevant evidence which a reasonable mind might accept as adequate to support a conclusion."

(b) Batay sa nasabing desisyon ng Korte Suprema, ang pansamantalang hindi pagbibigay nina Punong Barangay Fortunato Ramos, Kagawad Carlito Calilap, Kagawad Zenaida Dungo, at SK Chairman Karl Aldrin Enriquez ng $13^{th}$ month pay at leave benefits nina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño ay hindi maituturing na oppression at abuse of authority sapagkat ito ay kanilang ginawa upang ingatan ang interes ng Barangay Sumapang Matanda habang nililitis ang kaso para sa diumanong nawawala na pera ng Barangay at hindi upang sila ay abalahin at agrabyaduhin.

(c) Para sa alegasyong misconduct, ayon din sa Korte Suprema sa kasong Cecilia Q. Rejas vs. Office of the Ombudsman, G.R. Nos. 241576 & 241623, November 03, 2020:
"Misconduct has been defined as an intentional wrongdoing or a deliberate violation of a rule of law or standard of behavior. It is considered grave where the elements of corruption are present including a clear intent to violate the law, or a flagrant disregard of established rules. To constitute misconduct, however, it is likewise imperative that the act or omission complained of must have a direct relation to the public officer's duties and affect not only his character as a private individual, but also, and more importantly, the performance of his official duties as a public servant."

(d) Ayon sa nabanggit na desisyon ng Korte Suprema, ang misconduct ay gawi ng isang opisyal na may tuwirang intensyong labagin o hindi sundin ang nilalaman ng batas.

(e) Malinaw sa mga isinumiteng ebidensiya, ang ginawa nina Punong Barangay Fortunato Ramos, Kagawad Carlito Calilap, Kagawad Zenaida Dungo, at SK Chairman Karl Aldrin Enriquez na pansamantalang hindi pagbibigay ng $13^{th}$ month pay at leave benefits nina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño, at ang pagtabi nito sa pangangalaga ng Landbank ay hindi maituturing na may tuwirang intensyong labagin o hindi sundin ang nilalaman ng batas sapagkat ito ay kanilang ginawa lamang upang proteksyunan ang interes ng Barangay.

(f) Gayundin, para sa alegasyong gross negligence at dereliction of duty, ayon sa Korte Suprema sa kasong Ricardo O. Trinidad, Jr. vs. Office of the Ombudsman, G.R. No. 227440, December 02, 2020:
"Gross negligence, thus, involves an element of intent, more than mere carelessness or indifference to do one's duty. To be held liable for gross negligence, a public official must have intentionally shirked his duty, fully aware that he is duty-bound to perform. Simply, gross negligence involves consciously avoiding to do one's work. Dereliction of duty may be classified as gross or simple neglect of duty or negligence. Simple negligence is defined as the failure of an employee to give proper attention to a required task expected of him, or to discharge a duty due to carelessness or indifference. On the other hand, gross negligence is characterized by want of even the slightest care, or by acting or omitting to act in a situation where there is a duty to act, not inadvertently but willfully and intentionally, with a conscious indifference to the consequences, or by flagrant and palpable breach of duty. It denotes a flagrant and culpable refusal or unwillingness of a person to perform a duty."

(g) Batay sa nabanggit na desisyon, napagtanto ng mga bumubuo Lupon na ang pansamantalang hindi pagbibigay nina Barangay Fortunato Ramos, Kagawad Carlito Calilap, Kagawad Zenaida Dungo, at SK Chairman Karl Aldrin Enriquez ng $13^{th}$ month pay at leave benefits nina Lourdes Cerbas at Rogelito Griño ay hindi masasabi na sila ay may intensyong hindi ibigay ang nasabing mga benepisyo sapagkat ito ay kanilang ginawa lamang upang proteksyunan ang interes ng Barangay.

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. RYAN MACLYN J. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESA CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

Sa pamamagitan ng nagkakaisang mungkahi ng bumubuo ng Sanggunian, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ipawalang-sayasay ang reklamo nina Lourdes Cerbas at Rogelio Griño laban kina Punong Barangay Fortunato Ramos, Kagawad Carlito Calilap, Kagawad Zenaida Dungo, SK Chairman Karl Aldrin Enriquez, Barangay Treasurer Edwin Evangelista, at Barangay Secretary Amor Lopez ng Barangay Sumapang Matanda, Lungsod ng Malolos sa kadahilanang ito ay walang batayan sa batas, kaugnay sa Kasong Administratibo Blg. 01-2023.

**IPINASIYA PA RIN,** dahil sa desisyon ng Office of the City Prosecutor na ipawalang-saysay ang kaso laban kina Lourdes Cerbas at Rogelio Grino sa kawalan ng probable cause, inaatasan sina Punong Barangay Fortunato Ramos, Kagawad Carlito Calilap, Kagawad Zenaida Dungo, at SK Chairman Karl Aldrin Enriquez na ibigay kina Lourdes Cerbas at Rogelito Grino ang kanilang 13th month pay o mas tamang tawagin na Year-End bonus at Leave Benefits o mas tamang tawagin na Terminal Pay.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI – ABC President

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ**
KASANGGUNI – SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*12052023